

CHAPTER *One*

*N*apapitlag si Charlene mula sa pagsasalin ng cuticle remover nang tawagin siya ng kaibigan. Maging ang kanyang customer ay nagulat din.

“Akala mo naman may sunog kung makatili ka, Hilda.”

Remigido Magalang ang buong pangalan nito, naging Hilda nang maging parlorista at *bruhilda* sa mga tambay na kabiruan nito. Malaking lalaki ito at ang dating maitim na balat ay maputi na ngayon, salamat sa *gluta*. Kung magbibihis-lalaki ito ay walang mag-aakalang binabae ito. Ngayon, ang suot nito ay maikling palda at tube blouse na violet. Ang pampaa nito ay wedge sandals na violet

din. Ngayong buwan ay violet ang paboritong kulay ni Hilda. Noong nakaraan ay sumakit ang ulo niya sa kasusuot nito ng yellow.

Kunwa'y napahiyang inilapag nito ang dalang violet na tote bag sa isang bakanteng upuan bago impit na tumili, may kasama pang pagtalon.

Nailing na lang si Charlene. Tuwina ay eksaherada itong si Hilda.

“Ano ba'ng ganap at ang aga-aga ay napakaingay mo?” tanong ng ginugupitang customer ni Ateng Glory, ang may-ari ng parlor.

Hindi gaya ni Hilda, si Ateng Glory, bagaman binabae, ay konserbatibo. Gupit-lalaki ito at madalas ay nakaternong polo at pants na ipinapatahi pa nito. Ang parlor ay naipundar nito mula sa pagtatrabaho nito dati sa Japan. Suportado rin ito ng kapatid na nasa Dubai.

“May raket ako, Madam,” ani Hilda. “Ateng, pwede ko bang isama si Cha?”

MWF at Saturday ang schedule ni Charlene sa maliit na parlor na iyon. Ang kapalitan niya ay si Lorna na pamangkin sa pinsan ni Ateng Glory na TTh naman ang schedule.

“Ano ba 'yan?” tanong ni Ateng Glory.

Dati ring naggugupit sa parlor si Hilda na

ngayon ay rumaraket bilang makeup artist. Ito rin ang nagturo kay Charlene na mag-makeup at minsan ay isinasama siya nito kapag maganda ang bigayan.

“Bonggang-bonggang pelikula ito ng *Star Premiere*,” excited nitong sagot. “Kailangan ko lang ng apat na alalay at si Charlene na sana ’yung isa... kung papayag ka, Ateng?” lambing nito.

Hindi naman ito tinanggihan ni Ateng Glory kahit kailan.

Hindi kalakihan ang sweldo ni Charlene sa parlor at hati pa sila ni Lorna sa schedule kaya malaking bagay kapag naisasama siya ni Hilda sa mga raket nito.

Noong una ay solo niya ang schedule sa parlor at sila lang ni Ateng ang magkasama roon, pero lumuwas mula sa Bacolod ang pamangkin nito at naloko ng recruiter. Pagkuwa’y nabuntis ito at nakiusap kay Ateng na makapagtrabaho sa parlor sa halip na bumalik sa probinsya. Maging siya ay iniyakan ni Lorna.

Sa awa, kahit kailangan din niya ang pera ay pinagbigyan ni Charlene ang hiling ni Lorna na maghati sila sa schedule. Ang anak nitong si Benjo ay mag-aapat na taon na ngayon at inaanak pa niya.

“O sige, isama mo si Cha,” ani Ateng Glory.

“At may isa pa akong balita...” patiling sabi ni Hilda. “Para sa iyo ’to, Cha...”

Ni hindi siya nag-angat ng mukha mula sa ginagawang pagkukutkot ng kuko ng customer.

“Hulaan mo kung sino ang director ng pelikula.”

“Naku, Hilda, ang dami-daming gawa magpapahula ka pa. Sirit na.”

“Ang KJ naman. Sige na, hulaan mo na. Pumadyak pa ito. “International award-winning director ng pelikulang ‘*Pugad!*’”

“Naku, Hilda, sirit na nga raw,” anang isang customer.

Si Ateng Glory ay tumigil sa paggugupit na tila nag-iisip habang si Charlene ay sandaling naestatwa. Agad ang pakiramdam na tila hinahalukay ang sikmura niya. Sinikap niyang magpakakaswal at itinuloy ang ginagawa.

Ang tinutukoy ni Hilda ay isang indie film na naging maingay dahil sa mga sensitibong paksa. Nanominate iyon bilang Best Picture at nanalo ng Best Director at Best Cinematography sa isang katatapos lang na prestihiyosong parangal.

“Sino ba ’yun?” tanong ni Ateng Glory. Hindi ito mahilig sa mga pelikula. Ang libangan nito ay mag-*bingo* sa labasan tuwing hapon pagkasara ng parlor.

“AJ Aquinas.”

Walang rekognisyon mula sa tatlo nilang kasama.

Napapalatak na binalingan siya ni Hilda. “Hoy, babaeng mapagpanggap! Ipaliwanag mo nga, kilala mo ba ang director?”

Nangingiting sinulyapan niya ito. “Kasasabi mo lang, AJ Aquinas. O, di kilala ko na.”

Hilda rolled her eyes. “Alexander Jansen Aquinas.”

“Dapat ba kilala namin?” tanong ng customer niya.

“Hay naku, para kay Cha kasi ’yung balitang iyon.”

Natigilan siya. “At siya ang director ’ka mo ng pagraraketan mo at isasama mo pa ako?”

Tumango si Hilda muli.

“Si Lorna na lang kaya ang isama mo?”

“Hindi ba kayo nagtataka kung bakit bigla siyang magba-backout?” tanong nitong walang partikular na kausap. “Pera na tumatanggi pa!” Tila nakuha naman nito ang interes ng tatlo.

“Sino ba iyong direktor kasi?” tanong ni Ateng Glory.

“Si AJ Aquinas ay ’yung dating actor na si Xander

Aquinas,” ani Hilda. “At si Xander at si Charlene ay mag-ex! Ex-MU!” Humalakhak pa ito.

“O, bakit hindi ko nalaman iyan?” tanong ni Ateng Glory.

“Kasi pinakalihim-lihim ni Charlene ang kanyang broken heart,” ani Hilda. “Naalala n’yo ba’yung teleserye ni Xander na ‘*Princess Charming*’? Kainitan ng love team nila ni Candice Suarez, pero d’un umeksena si Cha-Cha!”

“Di ba nakuha kang extra d’un, Cha?” ani Ateng. “Five years ago, tama?”

“Six years ago,” pagtatama niya.

“Tandang-tanda niya, di ba?” ani Hilda. “Kasi si Xander lang ang tangi niyang pag-ibig. O, di ba hanggang ngayon single pa siya at never been touched never been kissed?”

“Hoy, Hilda!” saway niya.

“Oo nga, ano?” ani Ateng.

“At magkikita silang muli!” tili ni Hilda.

“Hindi na nga kita sasamahan,” aniya. “Si Lorna na lang isama mo.”

“Naku, bangkay lang ang hindi magrereklamo sa makeup ni Lorna,” pintas nito na tinawanan nila. “O, bakit ka natatakot harapin si Xander?”

“Hindi naman ako natatakot...” kaila niya.

“O, eh di game na tayo, ha? Next week na iyon. Sa Baguio kukunan.”

“Baguio pa talaga? Hindi ako pwede nang malayo.”

“O, hindi mo na maidadahilan na walang kasama ang itay mo, nakapisan na sa inyo ang kuya mo at ang mga junakis niya, ha.”

Ang kuya niya ay iniwan ng asawa nito may tatlong taon na ang nakakaraan. Ang bunsong anak ay isinama ng asawang kumabit sa isang konduktor ng bus at ngayon ay nasa Bicol na. Ang kuya niya ay mahigit isang taong tila masisiraan ng bait bago muling naka-recover. Nakapisan na ito sa kanila kasama ang tatlong anak.

“Saka joke lang ’yung Baguio agad, after two weeks pa sa Baguio. Sa studio muna tayo.”

“Tek, ano ba’ng kwento n’yo ni Xander?” ani Ateng na tuluyan nang napukaw ang interes at ayaw magpaawat.

Naninising sinulyapan niya si Hilda. Hangga’t maaari ay ayaw niyang ibinabandera sa iba ang kabanatang iyon ng buhay niya. Hindi niya ipinagmamalaki iyon. Hindi niya gusto ang mga naging desisyon niya bagaman hindi niya pinagsisisihan. Ang mga desisyong iyon ang

nagligtas sa buhay ng itay niya.

“Saka ko na lang ikukwento, Ateng, mahabang kwento.”

“Naku, ikwento mo na ngayon habang nandito pa kami,” anang customer niya. “Ipapa-treatment ko na ’tong buhok ko para mas matagal.”

“O sige, magpapa-pedicure na rin ako,” anang ginugupitan ni Ateng. “Pero ikwento mo na, ha?”

“Naku, hindi ho maganda ang kwento namin ni Xander,” malungkot na sabi niya.

“O, eh ngayon pwede nang madugtungan ang kwento n’yo. Kaya ikwento mo muna ang nakaraan para updated naman kami,” ani Ateng na lumalabas na ang pagiging tsismosa.

“O, gusto mo ako na lang ang magkwento?” ani Hilda na lumapad ang ngisi.

Inirapan niya ito. “Naku, eksaherada kang magkwento.”

“O, eh di simulan mo na.”

Napailing siya. *Kahit kelan, pahamak ’tong baklang ’to.*

Malinaw pa rin ang lahat sa kanya na tila kahapon lamang nangyari ang lahat. Pati ang sakit ay sariwa pa rin.

“Six years ago...” *Six years, eight months and*

twenty days ago, I met the love of my life. And then I let him go.



Isinama siya ng kaibigang si Hilda para mag-asiste rito sa pagmi-makeup. Bago pa lamang si Charlene sa parlor kung saan ito nagtatrabaho, pero nagkasundo agad sila at kapag may raket ito ay ipinagpapaalam siya sa may-ari ng parlor.

Pangalawang araw niya sa location shooting na ito sa Tanay at nagulat siya nang may mag-abot sa kanya ng bunton ng mga damit.

“O, dalhin mo sa magka-love team,” utos ng babae na inginuso ang magkatabing kwarto.

“Hindi ho ako—” Pero tumalikod na ito. Nilinga niya si Hilda na inaayos ang buhok ng isang aktres.

Tumango ito at sinenyasan siyang kumilos na.

Una niyang tinungo ang dressing room ng bidang babae, si Candice Suarez. Bagaman baguhan ay nabigyan agad ito ng break. Mestiza at may pagkamaldita. Matapos iabot sa PA nito ang damit ay tinungo niya ang kabilang pinto kung nasaan ang ka-love team ng aktres. Nang walang sumagot sa katok niya ay itinulak niya ang pinto.

Nagkagulatan pa sila nang pabiglang buksan iyon at pasubsob siyang pumasok at nabangga sa

hubad na dibdib ng nasa loob.

“Hey...” gulat na sabi ng lalaki. Inalalayan siya nitong ibalanse ang sarili.

“Sorry ho...” Nag-angat siya ng mukha at napanganga. Before her was Xander Aquinas. Kilala niya ito mula sa cover ng magazines at naglalakihang billboards sa *EDSA*. Sa personal pala ay higit ang karisma nito.

He was tall and broad-shouldered with smouldering bluish-gray eyes. Ayon sa mga interviews ay namana nito iyon sa Amerikanang ina. Long straight nose. Lips that would curl into a lazy smile. May bahagyang cleft chin ito na lalong nagpatingkad sa appeal nito. Ang tanging suot nito ay khaki pants at iniwas niya ang tingin sa hubad na dibdib nito.

“Sorry.” Binawi niya ang tingin nang maisip kung gaano siya ka-mukhang tanga sa harap nito. Ilang beses na rin siyang naisama ni Hilda sa mga shooting at nasanay na rin siyang makakita ng mga gwapong artista, pero iba ang dating ni Xander Aquinas. A demigod of the earthly realm. “Dinala ko lang ang mga damit mo.” Nilinga ni Charlene ang silid para hanapin ang PA nito, pero nag-iisa ito roon.

“Umuwi ang PA ko, na-dengue ang anak,” sabi

nito na tila nabasa ang isip niya.

“Taayos ko lang ito,” paalam niya at tinungo ang rack ng mga damit sa silid. Nang lumingon siya rito ay nakatingin pa rin ito sa kanya. There was a small smile on his lips.

“Bago ka rito?” tanong nito.

Tumango siya. Nagkataon lang na nagkasakit ang isang makeup artist kaya naisama siya ni Hilda.

“Alalay ako n’ung makeup artist.”

Tila may sasabihin si Xander nang sumilip ang assistant director sa bungad ng pinto.

“Sasalang ka na in fifteen minutes,” sabi nito na saglit lang siyang tinapunan ng tingin at agad ding umalis.

Muli, naiwan sila at hindi niya maipaliwanag ang pagkailang na nararamdaman. *I must be fangirling over him.* At hindi nakapagtataka iyon. Nagkakandarapa ang mga fans ni Xander Aquinas. *At kelan pa ako nahilig sa artista?*

Inabot nito ang isang long sleeves at coat mula sa sampayan at isinuot. Tumikhim ito at tila natauhan siya na nakatunganga pa rin siya rito. Her cheeks burned. At batid niya, kahit walang salamin, na mapula ang mukha niya.

“Lalabas na ako.” Tinungo na niya ang pinto.

“Wait! I didn’t get your name.” He stepped forward and pierced her with his gaze.

“Cha.” Tumaas ang kilay nito. “Charlene.” Matipid siyang ngumiti.

“Hey, Charlene... do you mind?” tukoy nito sa pagtatali ng kurbata nito.

Muli siyang humakbang papasok at huminto sa mismong harap nito. Naamoy niya ang mabangong hininga nito at may bahagyang nginig ang mga kamay na inayos niya ang kurbata nito. Nang muli siyang tumingin sa binata ay naroon ulit ang matipid na ngiti sa mga labi nito at ang mga mata ay tila naaaliw sa kanya.

Humakbang siya paatras. Marahil ay mukha nga siyang tanga at lihim na pinagtatawanan nito. *Hambog*, saloob niya.

“Ayos na,” seryosong sabi niya at hindi na ito hinintay magpasalamat. Mabilis siyang lumabas ng silid.



“Hey, can you fix my hair?”

Napaunat si Charlene sa tinig na iyon.

“Ako na, Xander!” excited na prisinta ni Hilda.

Walang-imik na naupo si Xander sa katabing upuan. Pinigil niya ang sariling sulyapan ito.

Nang matapos sa ginagawa ay umunat siya at napatingin kay Xander na mukhang kanina pa nakatingin sa kanya. His face was unreadable. Nang magtama ang mga mata nila ay isang matipid na ngiti ang sumilay sa mga labi nito. Nahihiyang ngumiti siya at agad nagbawi ng tingin.

“O, anong tinginan ito?” ani Hilda.

Namumulang tumalikod siya at iniligpit ang ibang gamit. Alas onse na ng gabi at ang kukunang eksena ay isang party na magsasayaw ang dalawang bida.

So cliché. Ngayon niya naisip na kung hindi dahil kay Xander ay hindi bebenta ang kwento ng teleseryeng ito.

Matapos ayusan ang lalaki ay nagpasalamat ito at lumayo na. Hindi na siya tiningnan nito.

“Anong meron sa inyo ni Xander?” tanong ni Hilda. Naupo ito sa binakanteng stool ng artista. “Parang may something.”

“Para kang sira. Ngayon ko lang nakita iyon. At baka may makarinig sa iyo, nakakahiya. Bata pa iyon.” She was twenty-four. At tila gusto niya laging ipaalala sa sarili iyon kapag nasa paligid ang binata.

Hindi kumbinsidong umiling-iling si Hilda habang humihikab.



Third year college siya sa kursong Nursing nang mamatay ang ina. Inatake ito ng hika at hindi agad naisugod sa hospital. Dala marahil ng stress at lungkot ay na-stroke ang kanilang itay hindi pa man naililibing ang ina. Kinailangan niyang tumigil sa pag-aaral para mabantayan ang ama.

Noong una ay nakakapag-abot pa ng pera ang kuya ni Charlene at napapagkasya niya iyon, pero nang madagdagan ang mga anak nito ay kinailangan na niyang maghanap ng trabaho na malapit sa bahay nila. Ang parlor ni Ateng Glory ang kasagutan.

Noong una ay tagalinis lamang siya at taga-shampoo, pero tinuruan siya ni Hilda mula sa paglilinis ng kuko, paggugupit ng buhok at pagmi-makeup. At bagaman hindi malaki ang kinikita sa parlor ay convenient iyon dahil nakakauwi siya nang tanghalian sa kanyang ama o anumang oras na walang customer.

Dalawang kanto lang ang layo ng parlor mula sa bahay nila at mabait ang may-ari. At ngayong nakakaraket siya kasama si Hilda ay malaking tulong iyon.

“Day, i-text mo na lang ang kuya mo. Isipin mo kung anong oras na,” kontra nito nang magpaalam

siyang uuwi. “Tapos bukas alas siete dapat nandito ka na. Saka ibinilin mo naman ’ka mo sa kapitbahay, ah.”

“Hindi ako mapakali, eh.”

“Mahahirapan ka nang makasakay.” Inihilig na ni Hilda ang upuan at pumuwestong matutulog. Ang ibang mga kasamahan nila ay kanya-kanyang pwesto na rin.

“Saan pupunta?” tanong ni Xander, bitbit ang mug ng umuusok na kape.

“Madaling-araw nagkakape pa,” ani Hilda. “Bakit hindi ka matulog at nang lalo kang gwapo bukas?”

Hindi siya umimik bagaman nagtataka rin na nakiumpok sa kanila ang binata.

“Sino’ng aalis? Saan pupunta?” ulit nitong hinila pa ang upuan sa tapat niya.

Inginuso siya ni Hilda.

“Kailangan kong umuwi sa Itay.”

“May emergency?” tanong nito.

“Wala...”

“Gusto lang niya,” ani Hilda na nakapikit. “Matutulog na ako. Huwag mong pauuwiin ’yan, Xander. Baka ma-rape.”

She sighed in defeat. Pinagpag niya ang makipot

na mattress na tutulugan.

“Gusto mo sa room ko?” tanong ng binata matapos ang ilang sandaling katahimikan.

“Ano ba’ng problema mo?” inis na tanong niya. Diyata’t may pagkamanyakis ito.

“Hey, wala akong masamang ibig sabhin,” natatawang sabi nito. “I mean, may aircon doon saka may TV at may extra mattress, mas magiging komportable ka...kayo ni Hilda.”

Ang mga director at mga artista ay nabigyan ng sariling kwarto. Silang crew ay kanya-kanyang pwesto.

“Ay, gusto ko iyan.” Mabilis na bumangon si Hilda bitbit ang unan at kumot. Tumayo na rin si Xander para magpatiuna at napapahiyang sumunod siya.

“Sorry, akala ko...” Hindi niya maituloy ang sasabihin. Bakit nga naman magkakainteres sa kanya ang binata? Ibang level ito, ika nga.

“Hindi imposibleng may mag-alok sa iyo ng gan’un,” ani Xander.

Nalilitong tiningnan niya ito.

“Hindi siya nananalam, Xander,” ani Hilda. Xander chuckled. “At parang isa ka sa nakakapansin.”

Hindi sumagot ang binata sa halip ay

makahulugang ngumiti.

Malaki ang kwarto ni Xander para sa kanilang tatlo. Ang driver nito ay sa van natutulog at ang PA ay sa makalawa pa babalik.

Agad na inilatag ni Hilda ang double size na mattress at humilata. Napangiwi siya. “Hindi ako tatabi sa iyo.”

“O, eh di kay Xander ka tumabi.” Inirapan siya ni Hilda.

Napatingin siya kay Xander.

“May folding bed,” sabi nitong humakbang para kunin iyon. Iniayos nito ang folding bed sa gilid ng kama nito at sa ibaba naman niya si Hilda.

“Magbabanyo lang ako,” sabi niya at bitbit ang gamit ay lumabas ng silid. Matapos mag-shower ay nagpalit siya ng isang oversized na T-shirt at leggings. Sinuklay niya ang lampas balik at na buhok habang tinitingnan ang repleksyon sa salamin.

Ang kanyang mga kilay ay natural na maganda ang pagkakaarko, bilugang mata na tila sa pusa, maliit na ilong at maninipis na labi. Ang kanyang kutis ay natural na maputi at makinis, katangiang namana niya sa yumaong ina. Hindi siya tabain. Pero gaya nga ng sabi ni Hilda, ang mga kinakain niya ay napupunta sa dibdib at mga balakang niya, na

madalas niyang itinatago sa maluluwang na T-shirt.

Hindi siya kumportableng umaagaw ng atensyon ang katawan. Lumabas siya ng banyo at muling tinungo ang silid ni Xander. Akmang papasok na siya nang may magsalita.

“Ano’ng gagawin mo d’yan?” tanong ni Candice. Puno ng malisya ang tingin nito.

“Nandito ang kasama kong makeup artist. Inimbitahan kami ni Xander,” aniyang hindi na ito hinintay sumagot at pumasok na.

Wala si Xander nang pumasok siya. Agad niyang kinuha ang unan at kumot bago nahiga sa folding bed. Ang kama ni Xander ay mataas lamang ng kalahating ruler mula sa folding bed niya. Nang pumasok si Xander ay nagbukas ito ng lampshade at saka pinatay ang ilaw. Nahiga ito at dahil nakatihaya siya ay tila parang magkatabi rin sila.

“Charlene...” he softly called. Bumaling ito sa kanya. His faint scent embraced her. “Inaantok ka na?”

“Medyo,” pagsisinungaling niya. Hindi siya makakatulog kung ganito ito kalapit. Ang tanda na niya para makaramdam ng ganito at sa binata pa. Parang ate na siya nito.

“Good night,” sabi nito.

Hindi siya nakaiwas nang yumuko ito sa kanya. He gave her lips a soft peck and smiled naughtily. Agad itong bumalik sa pwesto nito. Umangat siya nang makabawi sa pagkabigla.

Xander was smiling sheepishly.

“Bakit mo ginawa iyon?” gigil na sabi niya.

“Shh, magigising mo si Hilda,” sabi nitong pumikit na.

Nilinga niya si Hilda na nakatakip ng kumot. Walang nagawang muli siyang nahiga at pumihit patalikod sa binata. She heard his soft chuckle.

CHAPTER *Two*

Paggising ni Charlene ay wala na si Hilda sa higaan nito. Si Xander ay nakatagilid patalikod sa kanya. Maingat siyang lumabas ng silid at tinawagan ang kapit-bahay nila at kinumusta ang ama. Matapos muling magbilin at magpasalamat ay nagtungo na siya sa kusina para mag-almusal. Naroon ang director na mukhang mainit ang ulo. Mukhang kanina pa ito nagsesermon at ang lahat ay nakayuko.

“Ang arte-arte, eh, laos naman na,” talak nito. “Tawagan mo ang manager ni Lara Herman kung pwede,” utos nito sa assistant director na agad tumalima.

Nagtimpla si Charlene ng kape at kumuha ng

pandesal bago naupo sa tabi ni Hilda na kumakain na rin. Nakangiwi ang assistant director nang ibaba ang cellphone.

“After two weeks pa pwede si Lara. Mamili tayo sa mga extra, Direk?”

“Ang tagal ng two weeks at walang mestizahin sa mga extra natin.” Nagtama ang tingin nila ng director. “Ikaw,” sabi nito sa kanya. Napabaling ang tingin ng lahat sa kanya. “Tumayo ka nga.”

“Ikot.” Naguguluhang sumunod siya. “Perfect. Ikaw ang gaganap na ate ni Xander.” Binalingan nito ang mga katabi. “Writers, baguhin ang script. Papatayin na natin ang karakter ng mama ni Xander... ’eto ang ate niya.”

“Tekah ho...” protesta niya.

“Gaga, pumayag ka na,” bulong ni Hilda. “Datung ’yan, at sisikat ka pa.”

“Hindi naman ako marunong umarte.”

“Problema na nila iyon,” natatawang sabi nito.



Ang eksena ay nag-aalmusal si Xander at binibilinan ng ate nito. Nakaupo silang magkaharap. Sinabi niya ang kinabisadong linya.

“Huwag parang tuod, lagyan ng feelings,” anang director.

Retake.

Ginagap ni Xander ang nanlalamig niyang kamay. “Relax,” sabi nito.

Hinila niya ang kamay. Hindi pa niya ito nasisita sa ginawang paghalik sa kanya. Ipinikit niya nang mariin ang mga mata at pinilit magpokus.

“Action!”

Muli sinabi niya ang kinabisadong linya. Si Xander ay sumagot din ng linya nito.

“Cut! Good take!” tuwang sabi ng director. Nilapitan siya nito. “Maganda ka talaga lalo sa monitor,” komento nito. “Gusto mo bang mag-artista?” tanong pa.

“Hindi ho,” aniyang napatingin kay Candice na nakasimangot. Inaayusan ito ni Hilda.

“Sayang. Pwedeng-pwede ka. Lalo sexy ka.” Hinagod siya nito ng tingin at kung hindi lang ito binabae ay mao-offend siya.

“Hindi ho talaga, Direk,” tanggi niya.

“Just in case magbago ang isip mo, sabihin mo sa akin. Pwede kitang i-refer.” Tumalikod na ito matapos siyang abutan ng calling card.

“What was that all about?” Si Xander. Iniabot nito sa kanya ang isang baso ng juice at sandwich.

“Wala, baka gusto ko raw mag-artista,” pahapyaw

niyang kwento at nagpasalamat sa pagkain.

“And you’re not interested?”

“Ayoko.”

“Good. Ayoko nang maraming umaaligid sa iyo.”

Tumaas ang kilay niya. “At ano’ng ibig sabihin nyan?”

Ngumiti ito. “I’m interested in you.”

Namula siya. Napakadirekta nito. “Ang bata-bata mo pa.”

“I’m twenty-one.”

“At twenty-four na ako.” Hindi siya makapaniwalang ganito ang tinatakbo ng usapan nila. “Pinagtritripan mo ba ako? Iba na lang, Xander.”

“Of course not. I really like you. Noong una pa lang kitang nakita sa dressing room...” Iiling iling na tumayo siya upang iwan ito. “I really like you, Charlene,” habol nito sa malakas na tinig at tinukso sila ng mga nakarinig na crew sa labis na pagkakapahiya niya.



“Hindi na ako matutulog d’yan,” aniya kay Hilda na ang tinutukoy ay ang kwarto ni Xander.

“O, eh di ipauubaya mo na sa akin si Xander?” maarteng tanong nito.

“Para kasing sira...” Naikwento na niya sa

kaibigan ang naging usapan nila.

“Tara na, walang malisya.” Hinila na siya papasok ni Hilda.

Naghihilik na ang kaibigan ay hindi pa siya makatulog. Hindi pa rin bumabalik si Xander. Kanina ay nagpaalam ito na sasamahan si Candice sa mall at may bibilhin lang sandali. May nakapa siyang selos at naiinis siya sa sarili.

Sasabihing interesado sa kanya at gusto siya pero iba naman ang kasama. Nang umingit ang pinto ay mabilis siyang nagtakip ng kumot. Naramdaman niyang nahiga si Xander bago tumunghay sa pwesto niya.

“Charlene...” Hindi siya sumagot. “Alam kong gising ka pa.” Ibinaba nito ang kumot sa mukha niya at nagtagpo ang mga mata nila. “Sorry, nagyaya pang manood ng sine si Candice.”

“Bakit ka nagso-sorry? Wala ka namang kailangang ipaliwanag sa akin.”

“Gusto kong maniwala ka na seryoso ako.”

Wala sa loob na binasa niya ang mga labi. Napako ang tingin ni Xander doon. Atubiling dumampi ang mga labi nito sa mga labi niya. The kiss was brief yet sweet. Her insides melted like butter and Xander kissed her again, deeper this time. Mabilis silang

naghiwalay nang tumikhim si Hilda. Naupo ito.

“O, lalabas ako, magbabanyo. Mga twenty minutes akong mawawala,” sabi nito at tinungo ang pinto.

Nagkatawanan sila ni Xander, pero nang muli itong dumukwang sa kanya ay seryoso na.

“I have never felt this way before.” Hinawakan nito ang mukha niya. Mas mapusok nitong inangkin ang labi niya.

Excitement ran through her. Naramdaman niya ang kamay nito sa dibdib niya. She opened her mouth to protest. Sinamantala nito iyon. He darted his tongue into her mouth, exploring and tasting it. Her doubts flew out the window as he gently rubbed her nipple. Desire shook her body.

Noon ito huminto. He gave a little sigh over her lips. “Much as I’d love to kiss you forever, baka mapasukan tayo ni Hilda,” he whispered. Marahan nitong ibinaba ang T-shirt niya. “May palagay akong lampas na ang twenty minutes niya.”

“Oo nga.” She could not think of anything smart to say.

“You’re my girl now, right?” His lips curled into a sexy smile.

“Mas matanda ako sa iyo, dapat ako ang mas

sensible.”

“Should I kiss you again?” Bahagyang inilapit nito ang mukha. “You’re my girl now, Charlene,” may pinalidad na sabi nito.

Tumango siya. A small smile was on her lips. Xander’s face lit up. Akmang hahalikan siyang muli nito nang bumukas ang pinto.

“Thirty minutes na ako sa labas, ha. I need my beauty sleep na,” sabi ni Hilda at nahiga na. “Tuloy n’yo lang ’yan, magtatakip na lang ako ng kumot.”

Tumatawang binato niya ito ng unan. “Matutulog na kami.”



Ang usapan nila ni Xander ay walang ibang makakaalam ng kanilang relasyon. Maging kay Hilda ay hindi niya ipinagtapat iyon. Tila nakuntento na ito sa sinabi niyang mag-MU sila ni Xander. Bagaman walang nagsasalita sa kanila ay halata ang atensyon ni Xander sa kanya. Nasasanay na rin si Charlene sa maasim na pakikitungo ni Candice.

“I don’t want us to end pagkatapos ng shooting, Charlene,” sabi ni Xander.

Hindi siya sumagot. Lampas dalawang linggo na sila rito sa Rizal at bukas ay babalik na ng Maynila ang production para doon ituloy ang shooting.

Dalawang linggo pa at tapos na ang shooting. He was a beautiful complication to her life. Napuno ng agam-agam ang dibdib niya. Ang sabi ni Hilda ay huwag niyang masyadong seryosohin ang gaya ni Xander. Hindi ang mga tulad nito ang seseryoso sa mga tulad niya. Masakit man ang sinabi ng kaibigan ay may punto ito, lalo na at may lumabas nang blind item tungkol sa kanila.

Pinisil ni Xander ang kamay niya nang manatili siyang hindi sumasagot. Nilinga niya ito nang tumunghay sa kanya.

“Ang sabi ko—” ulit nito.

“Narinig kita.”

“I’m serious about you, Charlene.”

“Bata ka pa para magseryoso sa mga bagay-bagay.”

Lumalim ang kunot sa noo nito. “You’re not serious about us?”

“Hindi sa ganoon, magkaiba ang ginagalawan nating mundo.”

“Oh, I’ve heard that excuse.” Nahiga ito at binitiwang ang kamay niya. Ramdam niya ang tampo nito.

“Nag-aalala lang naman ako na masyado nating seryosohin ang isa’t isa at masaktan lang tayo pareho.”

“And to think na sinabi mong mas matanda ka

pero sa iyo nanggagaling iyan,” sarkastikong sabi nito at bahagya siyang napahiya. “Kaya ba nagpapaligaw ka pa kay Emil?”

“Emil?” Dumapa siya sa kama para tunghayan ito.

“Ang sabi ni Candice, nililigawan ka ng cameraman.”

Naalala na niya ang tinutukoy nito. Bagong camera man iyon na pumalit sa isang nagkabulutong. May hitsura ang lalaki at nagpapalipad-hangin sa kanya.

“At naniwala ka? Wala kang tiwala sa akin?”

“Gaya rin ng wala kang tiwala sa akin nang sabihin kong seryoso ako sa iyo.” He met her eyes. “Why can’t you trust me?”

“Dahil... dahil ikaw si Xander Aquinas. Girls are all over you. Sino ba ako para seryosohin mo?”

Nailing na naupo ito. “Kung hindi mo nakikitang espesyal ka, Charlene, hindi mo makikita kung ano’ng nakikita ko sa iyo. Have a little faith in me,” malungkot na pahayag nito. Tumayo ito at lumabas ng silid.

Hindi siya sinabayang maghapunan ni Xander nang gabing iyon. Pagkatapos ng eksena nito ay nagkulong na ito sa kwarto. Nang pumasok sila ni Hilda sa kwarto ay tulog na ito patalikod sa kanya.

Ang PA nito na nakabalik na rin ay nakahiga sa

mahabang sofa na ipinasok sa silid at tulog na rin.



Kinabukasan after lunch ang balik nila ng Maynila. Nauna siyang mag-almusal at nagulat nang tabihan ni Candice.

“Babalik din siya sa akin, Charlene. Gaya ng iba pang na-link sa kanya, lilipas din ang pagkakagusto niya sa iyo. At sa huli, akin pa rin siya. Tandaan mo iyan.” Napabalitang ex-girlfriend ito ni Xander bago pa na-build up ang love team ng mga ito. Tumayo ito bago pa siya nakasagot.

Halata ang pag-iwas sa kanya ni Xander. Pagkatapos ng eksena nito ay naupo lang ito sa tabi ni Candice. He was extra attentive to the woman.

Pagkatapos ng huling eksena ay kanya-kanya na silang ligpit at sakay ng van. Pasakay na siya ng sasakyan nang lapitan siya ng PA ni Xander .

“Cha, sa amin ka na raw sumabay,” sabi nitong nilinga ang itim na *L300* ni Xander.

“Go, girl,” ani Hilda bago pa siya makasagot. “Kalimutan mo na ang mga sinabi ko, baka nga mali ako. Baka nga may happily ever after ka.”

Tipid siyang ngumiti at sumunod sa PA ni Xander.

Sa unahan pumuwesto ang PA nito kasama ang

driver. Especially designed ang sasakyan ng binata at may partition na naghihiwalay sa driver at sa pasahero. Ang loob ng *L300* ay customized na upuan na pwedeng gawing higaan at sa kabilang gilid ay may foldable table/minibar.

Inabot ni Xander ang kamay niya nang pumasok siya sa sasakyan. Mahigpit siyang niyakap nito nang mailapat ang pinto.

“I’m sorry.” He gave her a gentle kiss.

“Ako ang dapat mag-sorry, Xander.” Hinaplos niya ang mukha nito. “Wala akong tiwala sa iyo. Ayokong seryosohin ang nararamdaman ko kasi natatakot akong hindi ito totoo.” Napaiyak siya.

“I love you, Charlene. Patutunayan ko sa iyong totoo ako. Hindi ako magbabago.”

She reached for his lips and kissed him. Agad nito iyong tinugon. She moaned softly when his hands gently squeezed her breasts. He lowered his head to taste her nipple. Sa kabila ng T-shirt niya ay ramdam niya ang init ng bibig nito. He gently bit her nipple before sucking it as if to makeup for the slight pain. Naguguluhang tumingala siya rito nang tumigil ito at mahigpit siyang niyakap saka kinintalan ng halik sa noo.

“I want to prove myself to you, Charlene. Gusto

kong maramdaman mo na hindi lang ito ang gusto ko sa iyo.”

Even so, part of her felt rejected. Kinuha nito ang palad niya at ipinadama ang harapan ng pantalon nito. She gasped as she blushed.

“I need you I could die. Pero gaya ng sabi ko, malinis ang intensyon ko, Charlene, at patutunayan ko iyon. You just have to trust me.”

Tumango siya at niyakap ito. “I love you, Xander.”



Isang linggo bago matapos ang kanilang shooting ay ipinatawag siya ng producer sa opisina ng studio. Nang pumasok siya roon ay nagulat siya na may matandang lalaki itong kasama. Matangkad at mestizuhin. Hinagod siya ng tingin nito mula ulo hanggang paa na tila nais niyang manliit.

“Sit down, Charlene,” sabi ng producer na tumayo at humakbang palapit sa pinto. “Maiwan ko na po kayo, sir,” paalam nito sa matanda bago tuluyang lumabas ng opisina.

Alanganin siyang naupo. Ang matandang lalaki ay nanatiling nakatayo.

“My name is Michael Aquinas,” pakilala nitong inilahad ang kamay. Atubiling tinanggap niya iyon. “I am Xander’s grandfather.”

Base sa mga kwento ni Xander ay ang lolo nito ang nagpalaki rito. Ang ina nito ay namatay sa panganganak dito at ang ama ay may bago nang pamilya. May dalawang kapatid na babae si Xander sa ama.

Bago pa siya makapagdesisyon kung magpapakilala siya ay muli itong nagsalita. “My grandson told me about you. And I have read blind items tungkol sa inyong dalawa.”

Napayuko siya. Hindi magaganda ang sinasabi ng blind items tungkol sa kanya. “Do you have an idea kung gaano naloloko ang apo ko sa iyo?” Hindi siya nito hinintay sumagot. “Marami akong plano para sa kanya. Hindi kasama ang pag-aartista roon, pero pinagbibigyan ko dahil may resultang ipinapakita.”

“Please get to the point, sir,” magalang na sabi niya.

“Hindi ko gusto ang ugnayan n’yo ng apo ko.” Matiim siyang tinitigan nito. She met his stare. “I know the likes of you at hindi ka makabubuti sa apo ko.”

“Mawalang-galang na ho, sir. Hindi ho ninyo ako kilala kaya ’wag ho sana ninyo akong hinuhusgahan.”

Umismid ito. “Matanda na ako. I have seen things at sisirain mo lang ang apo ko. Gusto kong

layuan mo siya.”

“Alam ho ba ni Xander na kakausapin n’yo ako?”

The old man smiled. “Hindi mo sasabihin sa kanya, Charlene. Kung totoong mahal mo siya ay hindi mo kakayaning maipit si Xander sa ating dalawa,” may kasiguraduhang sabi nito at muli siyang napayuko.

Alam niyang tama ito. “Hindi ko ho kayang layuan si Xander,” sabi niya sa mahinang tinig.

“Everybody has a price. Magkano ang kailangan mo para layuan ang apo ko?”

Tumayo siya. “Wala hong presyo ang nararamdaman ko para sa apo n’yo. Aalis na ho ako.”

“Pag-isipan mo, Charlene,” pahabol nito na hindi niya nilingon.

Sa CR siya dumerecho. Tahimik siyang umiyak. Matapos palipasin ang sama ng loob ay bumalik siya sa set at nagulat pa kay Hilda na namumutla.

“Saan ka ba nanggaling? Kanina pa kita hinahanap,” sabi nitong hinawakan ang mga kamay niya. “Ang tatay mo dinala sa hospital. Halika na, naipagpaalam na kita kay Direk.” Isinukbit nito ang mga gamit nila at mabilis na siyang hinila paalis.

CHAPTER *Three*

*A*ng itay niya, ayon sa kapitbahay nila, ay nabuwal nang malamang nakabundol ang kuya niya at nasa presinto. Ang ikalawang atakeng ito ay mas malala ayon sa mga doctor at kailangan itong operahan agad.

“Saan naman ako kukuha ng kalahating milyon, Hilda?” iyak niya.

Pumayag makipag-areglo ang nabundol ng kuya niya kapalit ng cincuenta mil na ipinahiram na ni Ateng Glory. Inaasikaso na ng hipag niya ang piyansa nito at inaasahang makakalabas din ngayon.

Si Hilda ay nagpahiram ng kinse mil na siyang ipinandeposito sa hospital. Hindi nakasagot si Hilda nang mag-ring ang cellphone niya. Unlisted ang

numerong naroon.

“Hello?”

“Charlene, this is Michael Aquinas. I heard about what happened.” Hindi na niya inalam kung kanino nito nalaman ang nangyari.

“Pwede ho bang ’wag na muna tayong mag- usap ngayon?” pakiusap niya.

“I called to help.”

Hindi siya nakasagot. Sinulyapan niya si Hilda na interesadong nakatingin sa kanya.

“I will shoulder all the expenses sa operasyon ng itay mo. Maililipat ko siya sa mas maayos na hospital,” sabi ng lalaki.

Napahagulgol siya. Alam niya ang kapalit kapag pumayag siya. At sa puso niya, alam niyang pumapayag na siya. Mapapatawad marahil siya ni Xander pagdating ng panahon kung malalaman nitong buhay naman ng ama niya ang iniligtas niya. Na pinili niya ang kanyang sariling ama kaysa sa pagmamahalan nila.

“Saang hospital kayo? I will send someone over para maasikaso agad ang father mo.”

Hindi man nila direktang pag-usapan ay alam nila pareho ang kapalit ng tulong na iyon.

Halos isang linggo bago siya nakabalik sa set.

Ipinakiusap niya kay Hilda na huwag sabihin kay Xander ang pagkakaospital ng itay niya. Hindi rin niya sinasagot ang mga tawag ng binata.

Ang itay niya ay maayos na. Lahat ng gastos ay sinagot ni Michael Aquinas. Hindi na nito muling binanggit ang kanilang agreement, pero alam niyang ang tulong nito ay may kabayaran. At masakit ang kabayaran niyon. Bukod sa mawawala sa kanya ang lalaking minamahal ay hindi niya napatunayan sa matanda na hindi siya gaya ng pagkakilala nito.

“Andiyan na si Xander,” bulong ni Hilda. Huling araw ng shooting ngayon at kukunan ang huling eksena. Ikakasal si Xander at si Candice. At bilang kapatid ni Xander ay si Charlene ang maghahatid sa binata sa altar.

Hangga’t maaari ay ayaw na niyang magkausap pa sila bago ang eksena.

“Let’s talk, Charlene,” ani Xander na sumulpot mula sa likuran.

Hindi niya napigilan ang pagkabog ng dibdib. Tila hinahalukay ang kanyang sikhmura sa kaba.

“Tungkol saan?” Pinakaswal niya ang tinig.

“Tungkol saan?” He was sarcastic. Binalingan nito si Hilda na nag-aayos ng buhok niya. “Will you leave us for a while?” Wala itong kangiti-ngiti.

Atubiling lumayo ang kaibigan.

“Ano’ng nangyari? Halos isang linggo kang wala, hindi mo sinasagot ang mga tawag ko and you’re acting na tila balewala ako. May problema ba tayo?” He looked desperate.

Nag-iwas siya ng tingin para pigilan ang maiyak. Tila pinipiga ang puso niya.

“Ayoko na, Xander,” mahinang sabi niya.

“Anong ayaw mo na?”

“Ito. Ayoko ng tayo. Break na tayo,” aniyang matapang na tinitigan ito.

“Bakit? May nasabi ba akong mali? May ginawa ba akong mali?” He was close to tears.

Muli niyang iniwas ang mga mata. “Hindi na kita kayang mahal in Xander.” *Hindi na pwede...*

“Bakit? Mahirap ba akong mahal in? Ipaliwanag mo, please.” Tinangka nitong abutin ang kamay niya na agad niyang iniwas.

“Bakit ba ang kulit mo?” Nilangkapan na niya ng inis ang tinig. “Nakakapagod kang mahal in. Ang daming intriga. Hindi ko na kaya. Hindi mo ba kayang intindihin iyon?” She blinked back her tears.

“You’re lying.” Hinilot nito ang sentido bago siya muling tiningnan. “Please tell me you’re lying, Charlene.” Nabigla siya nang lumuhod ito at

yumakap sa baywang niya. “Ano’ng gagawin ko para mahalin mo ako ulit?” Luhaan na ito nang mag-angat ng mukha sa kanya.

She bit her lower lip. Pinahid niya ang luha nito. “Hayaan mo na ako, Xander, please. Napapagod na ako.” Tinanggal niya ang mga braso nitong nakayakap sa kanya.

Atubiling kumalas ito. He looked at her disbelievingly, then with regret, then with anger. Saka ito tumalikod. Nang wala na ang binata ay saka siya humagulgol sa mga palad.

Ang eksena ay ihahatid niya si Xander sa harapan ng altar. Saka susunod ang wedding entourage. Huling papasok si Candice.

Nang gumiling ang camera ay umabrisiete siya kay Xander at sabay silang lumakad palapit sa altar.

“Cut!” sigaw ng director. “Para kayong mga namatayan! Isa pa.”

Pinilit niyang ngumiti.

“Xander, ayusin mo ang expression mo. It’s a wedding, smile!” sigaw ng director.

Pagkatapos ng apat na take ay naitawid nila ang eksena. Pagkatapos nito ay meron pang kaunting salo-salo, pero hindi na siya sasama roon.

“Pwede ba kitang imbitahang lumabas

mamayang gabi. Dinner?” Nalingunan niya si Emil. Pinigil niyang mapasimangot nang makita si Xander na nakatingin sa kanila.

“Ikaw pala,” matamlay niyang sabi. Muli niyang ibinalik ang atensyon sa pagliligpit ng gamit.

Napatingin siya kay Xander na papalapit. Madilim ang mukha nito.

“Dinner ba? Sure.” Pinilit niyang pasiglahin ang tinig na sadyang inilakas.

“Talaga?” Di makapaniwala si Emil. Ngayon lang niya ito kinausap. Sa ilang pagtatangka nito ay laging iniwasan niya.

“Oo, i-text mo na lang kung saan. Magkita na lang tayo roon.”

“Ah, okay. Sige. Thanks, Cha.” Tumalikod na ito at muntik pang mabunggo si Xander.

“Iyon ba si Emil? Iyon ang ipinalit mo sa akin?” Galit ang tono nito, hindi pansin ang ilang production crew na nakakarinig sa kanila.

Hinila siya ni Xander palabas at patulak na isinakay sa van nito. Inutusan nito ang driver na iwan sila. Malakas nitong isinara ang pinto at binalingan siya.

“Ipagpapalit mo lang ako sa kagaya pa ni Emil!” sigaw nito. “Ayokong mangmaliit ng tao pero hindi

na nga mayaman, may bisyo pa at babaero!” He was fuming with anger.

Sumiksik siya sa sulok ng upuan.

“Hindi kita sasaktan, Charlene,” sabi nito nang makita ang takot sa mga mata niya. “No matter how much I’d love to wring your lovely neck hindi ko kayang saktan ka. But for God’s sake, woman, ano’ng nakita mo kay Emil?”

“Napapasaya niya ako. Walang kumplikasyon,” pagsisinungaling niya.

He looked disgusted. “Anong saya ba ang kailangan mo, Charlene? Hindi ko ba kayang ibigay iyon?” From anger to pain, tila maiiyak na naman ang anyo nito. Isinuklay nito ang kamay sa buhok bago siya inabot. “I can give you that and more...” He then claimed her lips in a punishing kiss.

Nararamdaman niya ang galit ng binata sa halik na ibinigay nito. Bahagya niyang itinulak ito, pero tila pader ang dibdib nito. She sobbed softly when he kneaded her breasts not so gently. “Ito ba ang ibinibigay ni Emil?” His voice was harsh.

“Sinasantan mo ako...”

His expression softened. He cupped her face. “I’m sorry.” He kissed her lips gently. “Please love me again, Charlene.” Pinagdikit nito ang mga noo nila.

“I can’t, Xander,” she cried. “Nagkakaunawaan na kami ni Emil.”

Hindi makapaniwalang tinitigan siya nito. “You’ll regret this, Charlene,” mapait na sabi nito bago lumabas ng sasakyan. Pabagsak nitong isinara ang pinto. Umiiyak pa rin siya nang muling bumukas ang pinto at sumilip ang PA ni Xander.

“Sinaktan ka ba ni Xander, Cha?” masuyong tanong ni Ate Cel.

“I deserved it. Sinaktan ko siya, Ate Cel.” Pinahid niya ang luha at inayos ang sarili bago nagpaalam dito.

Kinuha lamang niya ang mga gamit at nagpaalam na kay Hilda.

Habang sakay ng taxi ay tinext siya ni Emil at magalang niyang sinabi na hindi na matutuloy ang dinner nila at hindi siya interesado rito romantically.



Tapos na siyang magkwento. Nakatunganga sa kanya ang apat. Si Hilda ang unang nakabawi.

“Hindi ko alam na si Michael Aquinas ang tumulong sa operasyon ng itay mo,” bulalas nito.

“Tulong ba iyon, eh, may kapalit?” nakaismid na sabi ng customer ni Ateng Glory.

“Paano iyan, magkikita na ulit kayo?” Si Ateng

Glory. “Sigurado ako mahal mo pa rin iyon. Sabi nga ni Hilda, hindi ka nagkaroon ng ibang boyfriend. Sayang naman kung forever kang never been kissed, never been touched.”

Hindi niya ikinuwento sa mga ito ang pribadong eksena nila ni Xander.

“Gusto ko tuloy magduda na never been touched, never been kissed nga iyan.”

Binato niya si Hilda ng bulak at yumuko sa ginagawa upang itago ang pamumula ng mukha.

“Nakaka-excite naman,” sabi ng customer niya. “Babalik kami rito, kwentuhan mo ulit kami ng kaganapan, Cha, ha?”

“Naku, hindi na ako papansinin n’un sigurado sa sobrang galit sa akin.”

“Girl, hindi ko naikwento, n’ung umalis ka n’ung araw na iyon, muntik nang magsuntukan sina Emil at Xander.” Hindi niya alam iyon. “Ikaw pala ang dahilan n’un. Kahit si Emil, hindi rin sigurado kung bakit gusto siyang sapakin ni Xander n’un, eh.”

“Sobra ko siyang nasaktan,” malungkot niyang sabi. May kasalanan pa yata siya pati kay Emil. Muntik na itong masapak dahil sa pagsisinungaling niya.

Nang magsialis ang mga customers nila ay

nagpaalam siyang uuwi para samahan ang ama at ang mga pamangkin na magtanghalian.

Nasa mesa na ang tatlong pamangkin niya. Magkakasunod ang edad ng mga ito. Ang pinakamatanda, si Tin-Tin, ay onse anyos na at marunong nang magsaing, pero hindi niya pinapayagang gumamit ng stove mag-isa. Ang sumunod dito ay si Ken-Ken. Tahimik ito at matalino, laging nangunguna sa klase. Ang bunsong si Matt-Matt ang pinakamakulit at pinakamalikot. Hindi miminsang napagalitan ito ng itay niya dahil sa pakikipag-away. Ang papa nito, ang kuya niya, ay minsan na ring naipatawag sa school dahil sa kalikutan nito.

Inilipat niya sa bandehado ang biniling pansit. Lumapit siya sa stove at isinalang ang kawali para magprito ng isda. Madalas ay siya ang nagluluto ng tanghalian. Hangga't maaari ay ayaw niyang masyadong nagkikikilos ang kanyang itay.

Naglagay siya ng kanin sa isa pang bandehado. Inahon niya mula sa kawali ang apat na pirasong isda at pinaghati-hati sa kanila. Ang kanyang kuya ay sa labas nanananghalian.

Matapos kumain ay mabilis niyang hinugasan ang mga pinagkainan at ibinilin ang tatlong bata sa

anak ng kapit-bahay. Sa iisang school pumapasok ang mga pamangkin niya at isinasabay ng dalagitang kapit-bahay.

“Salamat ulit, Biel.” Inaabutan na lamang niya ito ng pamasaha at baon. Kahit maliit na halaga, naa-appreciate naman iyon ng dalagita at ng ina nito.

“Ayos lang, Ate Cha. ’Yang si Matt-Matt, ang tagal ko hinanap kahapong uwian. Kasama pala ng mga kaklase d’un sa likod ng school, nanghuhuli ng gagamba,” pagsusumbong nito.

Binalingan niya si Matt-Matt at seryosong pinagsabihan. Tila maamong tupang tumango ito bago sumunod sa mga kapatid.

Magkakasabay silang lumabas sa kalsada. Nang makasakay ang mga ito ng jeep ay nilakad na niya ang direksyon ng parlor.

“Girl, okay lang ba talaga sa iyo ang raket ko?” tanong ni Hilda. Umakyat umano si Ateng Glory sa kuwarto nito para matulog. “Hindi ko naman kasi alam ang atraso mo kay Xander.”

“Sayang din ang bayad. Alam mo namang kayod kalabaw ako.” Malaking tulong na sa kanilang mag-anak pag nakakasama siya sa raket ni Hilda.



Hindi dalawin ng antok si Charlene. Sa sala

natutulog ang kuya niya kasama ang dalawang anak na lalaki. Si Tin-Tin ay katabi niya sa maliit na papag at sa kabilang kwarto ay ang itay niya.

Maingat siyang naupo at lumapit sa lumang cabinet. Mula sa isang drawer niyon ay inilabas niya ang isang kahon ng sapatos. Puno iyon ng mga clippings tungkol kay Xander. Nang maghiwalay sila ay tinapos lamang nito ang shooting ng kasunod na pelikula at umalis na ng bansa.

Last year lamang muling nag-ingay ang pangalan nito nang manalong Best Director at magka-awards ang pelikula nito. Sa huling article na ginupit niya ay mahaba ang buhok ni Xander sa naruong picture, kung saan nakapulupot ito kay Libby Austria, isang Hollywood star.

Half-Filipino, half-Mexican ang dalaga, maikli ang itim na itim na buhok at makinis ang hindi kaputiang kutis. Nagseselos siya sa tuwing titingnan niya ang larawang iyon.

Xander had apparently moved on. At siya ay naiwan. Pinigil niya ang pagsigok at tinakpan ang bibig. Wala nang nakaraang ibabalik sa kanila. Ang meron na lang siguro ay ang pagkakataon niyang makahingi ng tawad sa binata sa lahat ng sakit na idinulot niya rito.

Siyempre, hindi rin naman niya maaaring sabihin ang naging agreement nila ng lolo nito. Hindi niya gustong masira ang relasyon nito sa matanda. Hindi rin siya umaasang patatawarin siya ng binata agad-agad.

Malungkot niyang ibinalik ang mga clippings sa kahon at ipinasok iyon sa cabinet. Muli siyang nahiga sa papag at ipinikit ang mga mata. Kung may ibang pagkakaperahan lang ay hindi siguro niya tatanggapin ang raket na ito. Ngunit wala naman siyang maraming pagpipilian. 'Ika nga, pag mahirap eh wag nang choosy. At sooner or later, alam niyang magtatagpo rin ang landas nila ni Xander.

CHAPTER *Four*

“*B*akit kulang kayo?” sita ng isang matabang babae.

Hindi niya kilala kung sino ito. Wala pa kasi si Hilda. “Ma’am, parating pa lang ho ’yung dalawa,” ani Charlene. Ayon kay Hilda ay dadaanan pa nito ang isa pang kinuhang makeup artist.

“Ano ba iyan, parating na si Direk AJ. Magagalit iyon kapag hindi nakapagsimula sa oras.” Nakasimangot na ito.

“Meldy, masyado kang tense,” sabi ng beteranong actor na inaayusan ni Charlene. “Kaya nila ’to.” Bumaling ito sa kanya. “Di ba, hija?”

Alangan ang ngiting tumango siya.

“Hay naku, ayon sa balita ko, eh, napakasungit

at napakaistrikto ni Direk. Ayoko lang namang mabulyawan sa unang araw.”

“Relax lang. Lalong hindi makakatrabaho kapag tinatakot mo ang mga ’to,” sabi pa ng matandang actor.

Napaunat ang matabang katawan ng tinatawag na Meldy nang may sumenyas mula sa pintuan. Tarantang tumakbo ito roon. “Naku, ’ayan na nga po,” bulalas pa nito.

Nanlalamig na nilingon ni Charlene ang dalawang kasamang babae. Halos patapos na rin ang mga ito. Isang aktres na lang ang aayusan nila at mamaya pa ang eksena nito.

“Okay na kayo?” tanong niya sa mga kasama.

Alanganing tumango ang mga ito. Siguro ay ninerbiyos dahil kay Meldy. Ang dalawang inayusan ng mga ito ay tumayo na para magbihis.

“Relax, ladies. Mabait si Xander. I have known him since he was knee-high. Nananakot lang si Meldy.”

Kung nawala ang nerbiyos ng dalawa, si Charlene ay lalong nanlamig nang matanaw si Cel, ang dating PA ni Xander. Hanggang ngayon pala ay kasama pa rin ito ng binata. Napauklo siya nang makita ang matangkad na bulto ni Xander na pumasok.

“Tapos na ba ako?” tanong ng kanina ay inaayusan niyang actor.

Tumango siya, at nanatiling nakayuko, kunwa ay inaayos ang sintas ng rubber shoes niya.

“Opo, sir.”

Tumayo ang matanda at nagpasalamat. Marahang tinapik nito ang balikat niya.

“Kumusta, Xander?” tawag nito sa bagong dating.

Pasimple siyang tumalikod at kunwa’y inabala ang sarili sa pag-aayos ng mga gamit.

“Tito Henry.” Xander’s voice was deep and so familiar. “I’d prefer it if you call me AJ.”

“Kumusta ang aming batang-batang director? May kumakalat na balitang masungit at istrikto ka raw.” Tumawa ang matanda na sinabayan ni Xander. “At patutunayan ko sa mga dalagang ito na hindi iyon totoo. Kanina ay nanginginig sila sa takot.” Charlene stiffened. “Ladies, ito ang ating mabait na director.”

“Hello po,” duet ng mga kasama niya.

“O, hija, pwede kang humarap. Hindi nangangagat si Direk AJ,” the older man joked.

Alam ni Charlene na siya ang kinakausap nito at alanganing pumihit siya kasabay ng malalim na buntong-hininga. “Hello,” mahinang sabi niya.

There was no hint of surprise in Xander's eyes. Ang buhok nito ay maikli nang kaunti kumpara sa nakita niya sa picture. Balbas-sarado ang mukha nito. He gave a small smile. Pero ang mga mata nito ay matiim na nakatingin sa kanya. They were the color of dark clouds. Parang ang langit kapag may bagyo. Una siyang nagbawi ng tingin.

“Did I miss something? Magkakilala ba kayo?”

“Dati ho akong makeup artist noong artista pa siya,” mabilis na paliwanag niya sa beteranong actor na tinawag na Tito Henry ni Xander.

Tumango ang matandang lalaki na ilang beses pang nagpabalik-balik ang tingin sa kanila bago nagkibit-balikat.

“Cha! Sabi ko na nga ba at ikaw iyan, eh.” Si Cel iyon na masayang lumapit. “Ang ganda mo lalo.”

Tipid siyang ngumiti, hindi alam kung paano sasagot sa palakaibigang tono nito. Ang amo kasi nito ay nagbabaga na ang pagkakatingin sa kanya.

“Let's go, Ate Cel,” ani Xander. “See you around, Tito,” paalam nito sa actor.

Agad siyang tumalikod pagkaalis ng binata. Ikinurap niya ang mga mata upang pigilin ang namumuong luha. She could feel Xander's hatred. At siya ay hangal na nananatiling nagmamahal dito.

She knew when she saw him that she loved him still. Sa mahabang panahong inakala niyang guilt lang ang dinadala niya para sa binata ay nagkamali siya.

“Sorry, late ako.” Nagulat na nilinga niya si Hilda. Kasunod nito ang isa pang bakla. “Ito kasing si Oscar, ang bagal-bagal.”

“Trapik nga,” katwiran ng kasama nito.

“May gagawin pa ba?”

“Si Ma’am Stella na lang,” ani Charlene.

“Okay, sige. Ako na ang gagawa.” Inilapag ni Hilda ang mga gamit. “Nandito na ba si Direk?” bulong nito sa kanya.

Tumango siya. “Nagkita na kami.”

Nanlaki ang mga mata nito. “Tapos?”

“Wala. Ngumiti konti, pakitang-tao.”

“Mahal mo pa rin ba?” tanong ni Hilda. Bumuntong-hininga lang siya. “Sabi ko na nga ba.” Susundan pa sana nito ang sasabihin, pero nakalapit na ang aktres na aayusan nito.



Naupo si Xander sa pwesto niya. Nang malaman niyang isa sa makeup artists sa set si Hilda, inaasahan na niyang kasama nito si Charlene. Ilang beses na niyang pinaghandaan ang muling pagkikita nila ng dalaga. But nothing had prepared him for the impact

of her presence. She was even more beautiful than the last time he saw her. Her skin was still fair and radiant. And her body was still the object of the male species's most erotic fantasies.

Ilang production crew na naman kaya ang maaakit dito?

Nang umalis siya ng Pilipinas may anim na taon na ang nakaraan ay wala na siyang planong bumalik. Nag-aral siya sa New York at pagkatapos ay nagtrabaho bilang assistant director sa ilang Hollywood sets.

Nang makaipon ay sinubukan niyang mag-produce ng sariling pelikula at siya mismo ang director. Hindi niya inaasahang makikilala iyon at magkakaroon ng awards including best director. Mula roon ay nakatanggap siya ng maraming offers. Katatapos lang niya sa isang foreign film nang tanggapin ang trabahong ito sa Pilipinas. Kakilala ng lolo niya ang producer at pinakiusapan siya ng matanda. Alam niyang bukod sa nais siyang pauwiin sa Pilipinas ay gusto siyang ilayo nito sa babaeng napapagnay sa kanya: si Libby.

He met Libby at a Hollywood set. They dated on and off for a couple of months. At mula noon ay hindi na ito humiwalay sa kanya. Ilang beses na niyang

sinabi sa babae na hindi niya kayang ibigay rito ang isang seryosong relasyon. Bagaman itinatangi niya sa matanda na seryoso siya kay Libby ay hindi ito naniniwala, lalo na at nang umuwi siya ng Pilipinas ay sumunod agad ang babae makalipas lamang ang ilang araw.

Noong una ay hinahayaan lang niya ito sa pagsunod-sunod sa kanya ngunit nitong huli ay nahahalata na niyang nagiging possessive at clingy na ito. Bukod doon, nagpapa-interview pa talaga ito na may relasyon sila. He would have to deal with Libby soon.

Muli ay hinayon ng mga mata niya ang pwesto ni Charlene. Tila balewala na rito ang ginawa nito sa kanya.

Xander's face turned grim.

She will pay. Charlene would pay and regret the day she hurt him.



Patapos na ang shooting at nakaligpit na sila. Napakunot ang noo ni Charlene nang makitang dumating si Michael Aquinas. Sinalubong ito ng producer at nag-usap ang dalawa sa isang sulok.

May paghihimagsik na isinukbit niya ang bag at nagpaalam kay Hilda na mauuna na. Lahat ng

galit ni Xander ay nakalaan sa kanya samantalang malaki ang kinalaman ng matanda roon. Akmang paparahin niya ang padaang FX nang may tumawag sa kanya.

“Charlene?”

“Sir Michael.” Hindi niya pinilit ngumiti nang harapin ito.

“Kumusta ka na? Hindi ko inaasahang makikita kita rito.”

“Huwag ho kayong mag-alala. Hindi naman ho ako lumalapit sa apo ninyo.” Muli siyang humarap sa kalsada.

“Oh, that. Kalimutan na natin iyon,” nakangiting sabi nito. “Would you care for a cup of coffee? Let’s talk.”

“Tungkol ho saan?”

“I have a business proposition for you.”

Matabang siyang ngumiti. “May ipapapatay ho ba kayo?”

The old man laughed. “Please, Charlene, puntahan mo ako sa opisina ko bukas.” Iniabot nito ang maliit na tarheta.

“Maaari n’yo na hong sabihin ngayon.”

“Gusto kong akitin mo si Xander,” saad nito.

Hinihintay niyang tumawa ang matanda at

sabihing nagbibiro lang ito, pero nanatiling seryoso ang anyo nito.

“Think about it. Puntahan mo ako kapag nakapagdesisyon ka.” Tumalikod na ito.



Nakakunot na ang noo ni Hilda. Pangatlong actor na ito na ipinapabago ang makeup. At lahat ay si Charlene ang nag-ayos.

“Pasensya ka na,” aniya sa kaibigan. “Hindi mo na kasi ako dapat isinama dito.”

Hindi ito sumagot. Tatlo silang toka sa makeup at dalawa ang sa buhok.

“Aalis na ako, Hilda. Humanap ka na lang ng ibang pwedeng mag-makeup.”

“Hindi sa ganoon, Cha,” bawi nito. “Pasensya ka na. Wala naman akong makukuha agad. Nakakainis lang kasi.”

Tumango siya. Naiintindihan niya.

Humakbang siya patungo sa direksyon ni Xander. Hindi pa siya ganap na nakakalapit ay tumingin na ito sa kanya, tila inaasahan siya.

“Pwedeng makausap si Direk?” tanong niya nang harangin ng assistant director.

Sumenyas si Xander na sandali lang at pinaghintay siya sa gilid gayong wala naman itong

ginagawa. Matalim niyang sinulyapan ito.

Lumingon ito sa kanya. His eyes were mocking her. Akma siyang muling lalapit sa lalaki, para lamang muling harangin ng assistant director.

“Maupo ka lang muna diyan. Tatawagin ka kapag kakausapin ka na,” mataray na sabi nito.

Nagngingitngit ang loob na naupo siya sa stool ilang dipa ang layo kay Xander. May binabasa itong script at bahagyang nakakunot ang noo. Nang magangat ito ng tingin at makita siyang nakatingin ay muling gumuhit ang pangungutya sa mga mata nito. Tumayo ito at inilapag ang binabasa. Tumayo siya nang humakbang ito palapit sa kanya.

“Sa conference room,” sabi nitong nagpatiuna.

Ang conference room ay nagsisilbing opisina rin ng binata sa duration ng shooting. May malaking mahogany table at swivel chair doon. Sa harapan ay dalawang leather seats. Sa kabilang bahagi ay may mahabang mesa na may sampung upuan. Katapat niyon ay pang-apatang couch at maliit na center table.

Nang makapasok siya ay ini-lock ni Xander ang pinto. “Ano’ng kailangan mo?” tanong nito.

“Pinipersonal mo ako,” malamig niyang sabi.

“Don’t flatter yourself, Charlene. Bakit kita pag-

aaksayahan ng panahon?”

“Dahil galit ka pa rin hanggang ngayon.” Naupo siya sa isang leather seat.

“I have moved on. Ikaw ba ay hindi pa?” Naupo ito sa gilid ng mesa at napakalapit nila. Hindi sinasadyang napagawi ang tingin niya sa harapan ng pantalon nito at namula.

“Nag-move on na ako. Matagal na iyon.” Tiningnan niya ito. “Pero ikaw ay galit pa rin. Nararamdaman ko iyon kahit magkaila ka. At gusto kong humingi ng tawad na nasaktan kita.”

His eyes turned a shade darker. At tuwina ay fascinated siya sa kulay ng mga mata nito. They would change from a light bluish gray to the color of stormy skies.

“Hindi na ako galit sa iyo, Charlene. I’m trying to be professional here.”

“Hindi mo talaga gusto ang pagkaka-makeup ko?” Ngayon lang may umayaw sa makeup niya.

“Masyadong makapal.”

Malungkot siyang bumuntong-hininga. “Nasabi ko na kay Hilda na humanap na ng kapalit ko.” Tumayo siya upang magpaalam at tumayo rin ang binata.

Magkaharap sila at umaahon ang pagnanais

niyang tawirin ang maliit na distansya sa pagitan nila. She hesitantly raised her hand to touch his face.

Maagap na napigilan siya ng binata. “Don’t.”

“Sorry,” napahiyang sabi niya. Her emotions had betrayed her. Ano ang iniisip niya para tangkaing haplusin ang mukha nito? “S-sorry ulit sa nagawa ko noon.”

“What shall I do with you, Charlene?” tila kausap nito sa sarili. He cupped her face.

She could feel his warm breath on her face. She closed her eyes when his lips descended on hers. Nais niyang maiyak mula sa halo-halong emosyon na tila dam na nabuksan. His facial hair tickled and grazed her skin, but right now, she could only think of his kiss and how much she’d missed him.

Agad siyang tumugon.

Xander groaned. Suddenly he was sitting in the leather chair. Hinila siya nito paupo sa kandungan nito. He didn’t break the kiss. Naglakbay ang mga kamay nito sa likod at mga balakang niya bago marahang dinama ng isang palad ang dibdib niya.

She could feel his rising desire as he lowered his mouth to taste the hollow of her throat. She angled her head to give him more access. Ngunit hindi roon tumigil ang mga labi ng binata. Bumaba pa ang

halik nito sa puno ng dibdib niya na nalantad mula sa nabuksang butones ng suot na blouse. Nasambit niya ang pangalan nito nang tuluyan nitong hawiin ang blouse niya. Natatakpan lamang ng manipis na lace bra ang dibdib niya.

“Direk?” sabay silang napalingon sa pinto nang may tumawag kasunod ng mahinang katok.

Mabilis siyang tumayo habang inaalalayan ni Xander. Inayos niya ang blouse.

“Ano iyon?” tanong ni Xander sa tumawag bagaman hindi siya hinihiwalayan ng tingin. Hindi magkandatuto sa pagsasara ng blouse. Napasulyap siya sa lalaki at naroon pa rin ang pagnanasa sa mga mata nito.

“May naghahanap po sa inyo.”

Nang maiayos niya ang blouse ay hinagod ni Xander ang buhok niyang medyo nagulo marahil ng hawak nito kanina. Saka ito humakbang sa pinto upang buksan iyon.

“Surprise, honey!” narinig ni Charlene na bati ng isang babae. Tuloy-tuloy itong pumasok at mapusok na hinagkan si Xander.

Napayuko siya kasabay ng pag-ahon ng inis sa kanyang dibdib. Mabilis niyang tinungo ang pintuan para lumabas. Nagpaalam siya, pero abala na si

Xander sa dumating.



Tinanggal ni Xander ang nakapulupot na braso ni Libby sa leeg niya at lumayo rito.

“What are you doing here?” Umikot siya sa likod ng mesa at naupo sa executive chair.

“I came to visit you,” Libby pouted.

“You didn’t have to. You’re not my girlfriend.” He wanted Charlene. At pinutol ng pagdating ni Libby ang mainit na eksena nila ng dating nobya kanina.

I must have her. He hated Charlene, pero hindi niya kayang sikilin ang pagnanasa para rito.

“You can’t get rid of me that easy, AJ,” tila banta ni Libby na naglabas ng sigarilyo.

“Don’t smoke in here,” matabang niyang sabi at tumayo na. “I’ve got work to do. Magpatawag ka na lang ng taxi kapag aalis ka na.”

Nagiging sakit na ng ulo niya si Libby. He had to get rid of her soon. May ideyang kumislap sa isip niya. *Two birds in one stone. Why not?*